


10

Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 3

Prinsipyo ng Likas na Batas Moral



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 3: Prinsipyo ng Likas na Batas Moral
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Mariciel A. Bagayao

Editor: Annie Rose B. Cayasen, Ed.D - Regional EPS - EsP

Tagasuri: Erlinda C. Quinuan – Division EPS - EsP

Tagaguhit:

Tagalapat:

Tagapamahala: May B. Eclar, Ph.D. CESO V – Regional Director

Benilda M. Daytaca, EdD, CESO VI – OIC-SDS-SDO Benguet

Carmel F. Meris – Chief Education Supervisor CLMD

Ethielyn Taqued - Regional EPS - LRMDs

Edgar Madlaing – Regional EPS – AP/ADM Focal Person

Rizalyn A. Guznian, Ed.D. – Chief Education Supervisor CID

Sonia D. Dupagan, Ed.D. – Division EPS LRMDs

Vicenta C. Danigos – Principal I

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyong Pampangasiwaan ng Cordillera

Office Address: Wangal, La Trinidad, Benguet

Telefax: (074)-422-4074

E-mail Address: car@deped.gov.ph

10

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Unang Markahan – Modyul 3:
Prinsipyo ng Likas na
Batas Moral**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kaming matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin


Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matututuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

1. Natutukoy ang mga prinsipyo ng Likas na Batas Moral (**EsP10MP-Ic-2.1**)
2. Nakapagsusuri ng mga pasiyang ginagawa sa araw-araw batay sa paghusga ng konsensiya (**EsP10MP-Ic-2.2**)

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok. Handa ka n

Aralin:
1

KONSENSIYA KO, GABAY KO



Subukin

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Piliin ang **TITIK** ng pinakaangkop na sagot at isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang sumusunod ay mga prinsipyo ng Likas na Batas Moral maliban sa:
 - a. Kasama ng lahat ng may buhay, may kahilingan ang taong pangalagaan ang ating buhay
 - b. Kasama ng mga hayop,likas sa tao ang pagpaparaming uri at papag-aralain ang mga anak
 - c. Bilang rasyonal, may likas na kahilingan ang tao na alamin ang katotohanan,lalo na tungkol sa Diyos at mabuhay sa lipunan
 - d. Bilang tao na nilikha ng Diyos may puwang ang tao na magkamali dahil sa pagkakamali mas yumayaman ang kaalaman at karanasan ng tao
2. Bakit mahalagang mahubog ang konsensiya ng tao?
 - a. Upang makilala nang tao ang katotohanan na kinakailangan niya upang magamit niya nang tama ang kaniyang kalayaan
 - b. Upang matiyak na hindi na magkakaroon ng pagtatalo sa pagitan ng tama at mali, ng mabuti ay masama sa kaniyang isip
 - c. Upang matiyak na palaging ang tamang konsensiya ang gagamitin sa lahat ng pagkakataon
 - d. Lahat ng nabanggit

3. Paano mas mapalalakas at gagawing makapangyarihan ang konsensiya?
 - a. Kung simula pagkabata ay imumulat na ang anak sa lahat ng tama at mabuti
 - b. Kung mapaliligiran ang isang bata ng mga taong may mabuting impluwensiya
 - c. Kung magiging kaisa ng konsensiya ang Likas na Batas Moral
 - d. Kung magsasanib ang tama at mabuti

Para sa bilang 4 at 5: Suriin ang sitwasyon.

May suliranin sa pera ang pamilya ni Louie. Isang araw, may dumating na kolektor sa kanilang bahay, ngunit wala silang nakahandang pambayad. Inutusan si Louie ng kaniyang ina na sabihing wala siya at may mahalagang pinuntahan. Alam niyang dapat sundin ang utos ng ina. Sa kabilang banda, alam din niyang masama ang magsinungaling. Sa pagkakataong ito, ano kaya ang magiging hatol ng konsensiya ni Louie? Ano ang dapat niyang maging pasiya?

4. Alam ni Louie na dapat sundin ang kaniyang ina ngunit alam din niyang masama ang magsinungaling. Anong yugto ng konsensiya ang tinutukoy sa pangungusap na ito?
 - a. Unang yugto
 - b. Ikalawang yugto
 - c. Ikatlong yugto
 - d. Ikaapat na yugto
5. Alin sa sumusunod ang dapat gawin ni Louie batay sa hatol ng kaniyang konsensiya?
 - a. Iutos sa kasambahay na sabihing wala ang may-ari ng bahay.
 - b. Harapin ang kolektor at sabihing wala ang kaniyang ina.
 - c. Magtago sa silid at hayaang maghintay ang kolektor.
 - d. Tumawag ng pulis at isuplong ang kolektor.
6. “Malinaw sa atin ang sinasabi ng ating konsensiya: gawin mo ang mabuti, iwasan mo ang masama. Ngunit hindi ito nagbibigay ng katiyakan na ang mabuti ang pipiliin ng tao.” Ano ang ibig sabihin ng pahayag na ito?
 - a. Sa lahat ng pagkakataon, tama ang hatol ng ating konsensiya.
 - b. May mga taong pinipili ang masama dahil wala silang konsensiya.
 - c. Maaaring magkamali sa paghatol ang konsensiya kaya mahalagang mahubog ito upang kumiling sa mabuti.
 - d. Kumikilos ang ating konsensiya tuwing nakagagawa tayo ng maling pagpapasiya.
7. Ang konsensiya ang batayan ng isip sa paghuhusga ng mabuti o masama. Ngunit ito pa rin ay ang subhetibo, personal, at agarang pamantayan ng moralidad ng tao kaya may mas mataas na pamantayan pa kaysa rito. Ano ang itinuturing na pinakamataas na batayan ng kilos?
 - a. Ang Sampung Utos ng Diyos
 - b. Likas na Batas Moral
 - c. Batas ng Diyos
 - d. Batas Positibo

8. Ang tao ay nilikha na may likas na pagnanais sa mabuti at totoo at binigyan ng kakayahan upang malaman kung ano ang mabuti at totoo. Sa kabila nito, bakit kaya maraming tao ang gumagawa pa rin ng bagay na masama?
 - a. Kahit alam na ng tao ang mabuti, pinipili pa rin ng ilan ang masama.
 - b. Higit na madaling gawin ang masamang bagay sa mabuti.
 - c. Madaling maimpluwensiyahan ang tao ng umuusbong na bagong kultura.
 - d. Hindi tuluy-tuloy ang pagpili ng tao sa mabuti kaya't nalilito siya
9. Alin sa sumusunod ang maituturing na kamangmangan na di madadaig?
 - a. Pagbili sa inaalok na cellular phone ng kapitbahay sa murang halaga dahil ito ay galing sa masama
 - b. Pagbibigay ng limos sa mga bata sa kalye dahil sa awa ngunit ipinambili lamang ng rugby
 - c. Pagpapainom ng gamot sa kapatid na may sakit kahit di-tiyak kung makabubuti ito
 - d. Pagtawid sa maling tawiran dahil walang paalala o babala na bawal tumawid
10. Ang konsensiya ay nangangahulugan ng paglilitis sa sarili. Ang ibig sabihin nito ay:
 - a. Bahala ang tao sa kanyang kilos
 - b. Pag-aralan, unawain at hatulan ang sariling kilos
 - c. Obligasyon ng tao na kumilos nang maayos
 - d. Makabubuti sa tao na kumilos nang tama
11. Maituturing na masama ang magsinungaling. Anong prinsipyo ng Likas na Batas moral ang batayan nito?
 - a. Kasama ng lahat ng may buhay, may kahiligan ang taong pangalagaan ang kaniyang buhay
 - b. Kasama ng mga hayop, likas sa tao ang pagpaparami ng uri at papag-aralin ang mga anak
 - c. Bilang rasyonal na nilalang, may likas na kihiligan ang tao na alamin ang katotohanan at mabuhay sa lipunan.
 - d. Wala sa nabanggit
12. Hindi lamang masamang kitilin ang sariling buhay kundi masama ring kitilin ang buhay ng kaniyang kapuwa. Anong prinsipyo ng Likas na Batas moral ang batayan nito?
 - a. Kasama ng lahat ng may buhay, may kahiligan ang taong pangalagaan ang kaniyang buhay
 - b. Kasama ng mga hayop, likas sa tao ang pagpaparami ng uri at papag-aralin ang mga anak
 - c. Bilang rasyonal na nilalang, may likas na kihiligan ang tao na alamin ang katotohanan at mabuhay sa lipunan.
 - d. Gawin ang mabuti, iwasan ang masama
13. Ito ay tumutukoy sa mga kritikal na sandali ng ating buhay kung saan nahihirapan tayong mamili kung ano ang dapat gawin.
 - a. Problema
 - b. Krisis
 - c. Pagsubok
 - d. kahinaan

14. Kailan nagkakamali sa paghatol ang konsensiya?
 - a. Kapag nakinig sa sinasabi ng ibang tao
 - b. Kapag mahina ang paninindigan ng isang tao
 - c. Kapag napilitan ito dahil wala nang ibang pagpipilian
 - d. Kapag taliwas sa katotohanan ang taglay niyang kaalaman

15. Ang konsensiya ay bumubulong na wari'y sinasabi sa atin, "Ito ang mabuti, ang dapat mong gawin", "Ito ay masama ang hindi mo dapat gawin". Anong yugto ng konsensiya ang kinapapalooban nito?
 - a. Alamin at naisin ang mabuti
 - b. Ang pagkilatis sa partikular na kabutihan sa isang sitwasyon
 - c. Paghatol para sa mabuting pasiya at kilos
 - d. Pagsusuri ng Sarili/Pagninilay



Mga Tala para sa Guro

Suriin ang sagot ng mag-aaral at bigyan ito ng komento pagkatapos. Kung ang resulta nito ay mababa pa sa 95%, hikayatin ang mag-aaral na ulitin muli hanggang maabot ang pinakamataas na puntos.

Narinig mo na ba ang payo na, "*Gawin mong gabay ang iyong konsensiya*" o di kaya, "*Makinig ka sa iyong konsensiya*". Alam mo ba ang tunay na kahulugan ng mga pahayag na ito? Ano kaya ang papel na ginagampanan ng konsensiya sa pang araw araw na buhay ng tao? Ang konsensiya ay ang batayan ng isip kung alin ang tama o mali. Pero alam mo ba kung paano nalalaman ng konsensiya na ang isang kilos ay mabuti o masama? Ang mga katanungan na ito ay ating sasagutin sa tulong ng modyul na ito.



Balikan

Naunawaan mo sa Baitang 7 na ang konsensiya ang isa sa mga kilos ng isip na nag-uutos o naghuhusga sa mabuting dapat gawin o sa masamang dapat iwasan. Nabanggit naman sa Modyul 2 na pinaka angat na nilikha sa lahat ng nilikha ang tao dahil siya ay biniyayaan ng *isip* (Intellect) na may kakayahang magnilay o magmuni-muni at maunawaan ang mga kaganapan. Bukod dito, ang isip ay may likas na kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Ito ang tinatawag na *konsensiya*.

Sa kasalukuyan, paano mo masasabing ang iyong kilos ay tama o mali? Nagagawa mo bang makita ang iyong sarili na nasa mabuti o nasa masama? Ano ang sanggunian mo bago ka umaksiyon sa isang bagay?



Tuklasin

GAWAIN 1: Ako Ang Iyong Konsensiya!

Panuto: Sa gawaing ito, matutuhan mo pa ang aktuwal na kahulugan ng paksa. Basahin ang dayalogo at sagutin ang mga katanungan.

Sa isang panayam ng taga-ulat ng radyo sa himpilan ng pulisya.

Mang Tani, ano po ang nag-udyok sa inyo upang kusa kayong sumuko sa batas.

Lagi na kasi akong inuusig ng aking konsensiya

Paano po ninyo nasabing inuusig kayo ng iyong konsensiya

Lagi akong balisa at takot. Hindi na rin ako makatulog.

Ibig ba ninyong sabihin na hindi kayo matahimik?

Inuusig ako ng aking budhi dahil sa pagpatay ko sa aking asawa.

Bakit po ninyo nagawa itong krimen?

Dahil sa matinding selos. Pinagsisisihan ko ang aking nagawa

Sagutin mo

1. Mula sa dayalogo, ano ang nahihinuha mong kahulugan ng konsensiya?
2. Ano ang idinidikta ng konsensiya sa isip ng tao?
3. Naniniwala ka bang “Maiwasan man ang maling nagawa ngunit hindi ang konsensiya”? Patunayan ang sagot mula sa sitwasyong nabasa.

GAWAIN 2: Punan ang mga patlang.

Panuto: Pag-aralan ang mga sitwasyon sa ibaba. Pagkatapos ay iyong punan ng akmang salita ang mga patlang upang mabuo ang prinsipyong naging batayan ng tauhan sa bawat sitwasyon. Piliin ang mga salita sa kahon ng pagpipilian

lipunan	likas	gawin	rasyonal	pangalagaan
masama	papag-aralin		katotohanan	buhay

1. Kulang ang kinikita ni Samuel sa pagtitinda sa palengke para buhayin ang kanyang limang anak. Para madagdagan ang kanyang kita, naisip niyang gumaya sa dagdag timbang. Pero sa bawat mamimili na kanyang dinadaya ay nakakaramdam siya ng pagkakasala kaya minabuti niya itong itigil.

Prinsipyo: “_____ ang mabuti, iwasan ang _____”

2. Mag-isang itinataguyod ni Nanay Belen ang kanyang tatlong anak mula nang namatay ang kanyang asawa. Sa kabila ng isipang pahintuin sila sa pag-aaral upang matulungan siya sa paghahanapbuhay, ay minabuti niyang maghanap ng iba pang pagkakakitaan para tuloy-tuloy ang kanilang pag-aaral.

Prinsipyo: “Kasama ng mga hayop, _____ sa tao ang pagpaparami ng uri at _____ ang mga anak”

3. Pagkatapos ng trabaho, kinagawian ni Mang Ben na magpahinga sa kanilang bahay kaysa magtambay sa tindahan ni Aling Mely kasama ang kaniyang mga kaibigan. Katwiran niya, nakabubuting bigyan niya ang kanyang sarili ng pahinga kaysa uminom at manigarilyo sa oras na walang trabaho.

Prinsipyo: “Kasama ng lahat ng may buhay, may kahiligan ang taong _____ ang kaniyang _____”

4. Nahuli mong nangungupit ang bunso mong kapatid. Alam mong parurusahan siya sa oras na malaman ng inyong mga magulang. Pero, minabuti mong sabihin ang totoo dahil alam mong masama ang magsinungaling.

Prinsipyo: “Bilang _____ na nilalang, May likas na kahiligan ang tao na alamin ang _____ at mabuhay sa _____”



Suriin

Sa ating pang-araw-araw na pakikibaka sa buhay, ginagamit natin ang ating konsensiya nang hindi natin namamalayan. Mahalagang maunawaan natin kung ano talaga ang naitutulong nito sa sa ating pagkatao at ng ugnayan natin sa ating kapuwa at sa Diyos.

I. Ano ang Konsensiya?

Ang konsensiya ang munting ***tinig*** sa loob ng tao na nagbibigay ng payo sa tao at nag-uutos sa kaniya sa gitna ng isang moral na pagpapasiya kung paano kumilos sa isang konkretong sitwasyon.

Suriin natin ang isang sitwasyon mula sa aklat ni Felicidad Lipio (2004 ph. 3-4)

Gagarahe na sana ang drayber ng *taxi* na si Mang Tino nang matuklasan niyang may nakaiwan ng pitaka sa likod ng upuan ng sasakyan niya. Nang buksan niya ito ay natuklasan niyang marami itong laman; malaking halagang maaari niyang gawing puhunan sa negosyo. May nakabukod ding mga papel na dolyar sa kabilang bulsa ng pitaka. Walang nakakita sa kanya kaya minabuti niyang itabi ang pera. “Malaki ang maitutulong nito sa pamilya ko,” sabi niya sa sarili.

Noong dumating ang gabi ay hindi siya mapakali. Sa kalooban niya, nararamdaman niyang para siyang nalilito. Bago dumating ang umaga, nagbago na ang isip niya. “Hahanapin ko ang may-ari ng pitaka at isasauli ko ito,” nasabi niya sa sarili.

Kung ikaw ang nasa kalagayan ni Mang Tino, ano ang gagawin mo?

Ayon kay Lipio, binagabag siya ng kanyang konsensiya. Ito ang nagsilbing “liwanag” sa kanyang isip at nagpaalala sa kanya sa gawaing taliwas sa kabutihan. Ito ang nag-utos sa kaniya na isauli ang pera sa may-ari.

Malinaw mula sa sitwasyon ang sinasabi ng ating konsensiya: *Gawin mo ang mabuti, iwasan mo ang masama.*

II. Mga Uri ng Kamangmangan

Ang konsensiya ang batayan ng kaisipan sa paghuhusga ng tama o mali. Ngunit, ibig bang sabihin na laging tama ang hatol ng konsensiya at hindi ito kailanman nagkakamali?

Maaaring magkamali ang paghuhusga ng konsensiya kung tama o mali ang isang kilos. Ito ay nakadepende sa kaalaman ng tao tungkol sa katotohanan. Kung mabuti ang ikinilos, ibig sabihin nito na ang kaalaman ng tao sa katotohanan ay tama at kung masama ang ikinilos, nangangahulugan ito na taliwas sa katotohanan ang taglay niyang kaalaman. Ngunit dapat nating isaalang-alang na hindi lahat ng maling gamit ng konsensiya ay maituturing na masama. May mga pagkakataon na hindi ito kinikilalang masama dahil sa kamangmangan ng tao. Ang kamangmangan ay *kawalan ng kaalaman* sa isang bagay.

1. *Kamangmangang madaraig* (vincible ignorance). Ang kamangmangan ay madaraig kung mayroong pamamaraan na magagawa ang isang tao upang malampasan ito at ang pagkakaroon ng kaalaman dito ay magagawa sa pamamagitan ng pagsisikap o pag-aaral. Ang kamangmangan ay dahil na sa sariling kapabayaang ng tao.

Halimbawa: Nakita mong dumadaing sa sobrang sakit ng tiyan ang iyong nakababatang kapatid. Nais mo siyang bigyan ng gamot pero hindi mo tiyak kung alin sa mga gamot sa lalagyan ang para sa sakit ng tiyan. Ano ang gagawin mo?

Maliwanag na hindi mo dapat bigyan ng gamot ang iyong kapatid dahil hindi ka tiyak sa kung ano ang ipaiinom sa kaniya. Sa sitwasyong ito, mahalagang itama ang kamangmangan mo sa pamamagitan ng pag-alam sa gamot para sa sakit ng tiyan. Mahalagang tandaan na may obligasyon tayong alamin kung ano ang tama at mabuti.

Nawawala ang dangal ng konsensiya kapag “ipinagwawalang-bahala ng tao ang katotohanan at kabutihan” (Lipio, 2004, ph.34).

2. *Kamangmangan na di madaraig* (invincible ignorance). Ang kamangmangan ay di madaraig kung walang pamamaraan na magagawa ang isang tao upang ito ay malampasan. Ito ang uri ng kamangmangan na bumabawas o tumatanggal sa pananagutan ng tao sa kaniyang kilos o pasiya.

Halimbawa: Nagbigay ka ng pera sa isang batang namamalimos sa kalye dahil sa labis na awa. Magaan sa loob mo na ikaw ay nakakatulong sa iyong kapwa. Pero nalaman mo na ipinambibili pala ng bata ang perang ibinibigay sa kanya ng *rugby*.

Sa sitwasyong ito, hindi maituturing na masama ang iyong kilos dahil wala ka namang kaalaman dito noong nagbigay ka ng pera. Mag-iiba ang sitwasyon kung ipagpapatuloy mo ang pagbibigay ng pera sa kabila ng kaalaman mo. Hindi


nawalan ng karangalan ang konsensiya dahil sa pagkakataong ginawa ang pagpili, pinaniniwalaan mong tama at mabuti ang iyong ginawa.

Ang mahalaga ay magkaroon ka ng pananagutan upang ituwid ang iyong pagkakamali matapos mong malaman ang katotohanan (Lipio, 2004, ph.33)

III. Ang Apat na Yugto ng Konsensiya

Sa araw-araw nating pamumuhay, hindi natin maiiwasan na tayo ay maharap sa krisis. Ang **“krisis”** na tinutukoy dito ay isang kritikal na sandali sa ating buhay. Dumarating tayo sa puntong hindi tayo sigurado sa kung ano ang gagawin sa sitwasyong kinakaharap. Sa pagkakataong ito, kinakailangan natin ang ating konsensiya upang makapili ng wasto.


Tunghayan ang *flowchart* na nagpapakita sa proseso ng pagkilos ng konsensiya na nakakatulong sa ating pagpapasiya.



IV. Mga Prinsipyo ng Likas na Batas Moral

Natutuhan mo sa Baitang 7 ang Likas na Batas Moral ay bigay ng Diyos sa tao upang maging gabay sa pagkilala sa mabuti at masama. Ang konsensiya ng tao kung saan nakalapat na ang Likas na Batas Moral ay ginagamit na personal na pamantayang moral ng tao. Ito ang ginagamit sa pagpapasiya kung ano ang tama at kung ano ang mali sa kasalukuyang pagkakataon. Dahil dito, mahalagang maunawaan mo ang mga sumusunod na mga prinsipyo ng Likas na Batas Moral.

1. *Gawin ang mabuti, iwasan ang masama.* Ang tao ay may likas na kakayahang kilalanin ang mabuti at masama. Mahalagang maging matibay na nakakapit ang tao sa prinsipyong ito upang magiging matatag siya laban sa pagtatalo ng isipan sa pagitan ng mabuti alaban sa masama.
2. *Kasama ng lahat ng may buhay, may kahiligan ang taong pangalagaan ang kaniyang buhay.* Malinaw ang tinutukoy ng prinsipyong ito, ang obligasyon ng tao na pangalagaan ang kaniyang sarili upang mapanatili itong malusog. Sa prinsipyong ito, alam ng tao na hindi lang ang pagkitil sa sariling buhay ang masama kundi ang kitilin ang buhay ng kaniyang kapuwa.
3. *Kasama ng mga hayop (mga nilikhang may buhay at pandama), likas sa tao (nilikhang may kamalayan at kalayaan) ang pagpaparami ng uri at papag-aralin ang mga anak.* Kalikasan na ng tao ang naisin na magkaroon ng anak. Ngunit kaakibat ng kalikasang ito ang responsibilidad na bigyan ng edukasyon ang kaniyang anak. Ang prinsipyong ito ay dapat na nakatanim sa bawat magulang sa paggabay at paghubog sa kaniyang anak.
4. *Bilang rasyonal na nilalang, may likas na kahiligan ang tao na alamin ang katotohanan at mabuhay sa lipunan.* Malinaw na tinutukoy ng prinsipyong ito ang paggalang sa katotohanan. Ito ay sumasaklaw sa obligasyon ng tao na hanapin ang katotohanan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kaalaman at obligasyong ibahagi ito sa kaniyang kapwa. Kaya itinuturing na masama ang pagsisinungaling dahil ipinagkakait at napipigilan nito ang iyong kapuwa sa paghahanap ng katotohanan.



Pagyamanin

GAWAIN 3: Crossword Puzzle

Panuto: Isulat ang salitang tinutukoy at kukumpleto sa bawat aytem sa loob ng crossword puzzle box.


Pahalang

1. Ang munting tinig sa loob ng tao na nagbibigay ng payo sa tao at nag-uutos sa kaniya sa gitna ng isang moral na pagpapasiya kung paano kumilos sa isang kongkretong sitwasyon.
2. Ito ay uri ng kamangmangan kung saan walang pamamaraan na magagawa ang isang tao upang malampasan ito.
3. Ito ay uri ng kamangmangan kung saan mayroong pamamaraan na magagawa ang isang tao upang malampasan ito sa pamamagitan ng pagsisikap o pag-aaral.
4. Tumutukoy ito sa isang kritikal na sandali sa ating buhay.
5. Kawalan ng kaalaman sa isang bagay.

Pababa (Mga Yugto ng Konsensiya)

1. Unang Yugto: Alamin at _____ ang mabuti.
2. Ikalawang Yugto: Ang _____ sa partikular na kabutihan sa isang sitwasyon.
3. Ikatlong Yugto: _____ para sa mabuting pasiya at kilos.
4. Ikaapat na Yugto: Pagsusuri ng sarili o _____.

Crossword Puzzle



GAWAIN 4: Tukuyin mo!

Panuto: Tukuyin kung anong prinsipyo ng Likas na Batas Moral ang ipinapakita ng tauhan sa larawan. Magbigay din ng maikling paliwanag tungkol sa prinsipyo.



Isaisip


GAWAIN 5: Punan ang Patlang

Panuto: Basahing maigi ang mga pangungusap. Punan ng akmaing salita ang bawat patlang upang mabuo ang mga batayang konsepto ng ating aralin. Hanapin ang salita sa kahon ng pagpipilian.

dangal	konsensiya	kilalanin	liwanag	edukasyon	tama
taliwas	katotohanan	kaalaman	obligasyon	pananagutan	

1. Ang _____ ang batayan ng kaisipan sa paghuhusga ng tama o mali.
2. Ang konsensiya ang nagsilbing “_____” isip ng tao at nagpapaalala sa kanya sa gawaing taliwas sa kabutihan.
3. Nakadepende ang paghusga ng konsensiya sa tama o mali sa kaalaman ng tao tungkol sa _____.
4. Kung mabuti ang ikinilos, ibig sabihin nito na ang kaalaman ng tao sa katotohanan ay _____ at kung masama ang ikinilos, nangangahulugan ito na _____ sa katotohanan ang taglay niyang kaalaman.

5. Nawawala ang _____ ng konsensiya kapag “ipinagwawalang-bahala ng tao ang katotohanan at kabutihan.
6. Mahalagang magkaroon ka ng _____ upang ituwid ang iyong pagkakamali matapos mong malaman ang katotohanan.
7. Ang tao ay may likas na kakayahang _____ ang mabuti at masama.
8. _____ ng tao na pangalagaan ang kaniyang sarili upang mapanatili itong malusog ayon sa prinsipyo ng Likas na Batas Moral.
9. Kaakibat ng kalikasan ng tao na naisin na magkaroon ng anak ay ang responsibilidad na bigyan ng _____ ang kaniyang anak.
10. Obligasyon ng tao na hanapin ang katotohanan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng _____.



Isagawa

GAWAIN 6: Konsensiya ko, Susundin Ko!

Panuto: Batay sa naging reyalisasyon sa mga nagdaang gawain, tayahin ang sariling kakayahan ng konsensiya na makabuo ng tama at mabuting pasiya.

1. Magtala ng dalawang sitwasyon sa iyong buhay kung saan nakaranas ka ng isang krisis o kahirapan sa pamimili ng tama at mabuting pasiya.
2. Kaugnay ng sitwasyong ito, bumuo ng mabuting pasiya batay sa mga Prinsipyo ng Likas na batas Moral.

Halimbawa: Nagtanong ang aking mga magulang tungkol sa dahilan ng pag-uwi ko ng gabi mula sa paaralan. Sinabi kong naghanda kami ng aking mga kaklase para sa isang pagtatanghal sa susunod na araw. Lingid sa kanilang kaalaman, naglaro ako ng *computer games* at sumama sa lakad ng aking mga kaibigan.

Pasiya Noon	Pasiya o Kilos Kung Maharap sa Kaparehong Sitwasyon	Prinsipyo ng Likas na Batas Moral	Paliwanag
1. Natakot akong mapagalitan kung malalaman ng mga magulang ko ang totoong dahilan ng pag-uwi ko nang gabi kaya pinili ko ang magsinungaling.	Sasabihin ko ang totoo sa kanila, kahit mapagalitan ako.	Ang Unang Prinsipyo: <i>Gawin ang mabuti at iwasan ang masama.</i>	Alam ko na masama ang magsinungaling at hindi ko dapat ipagkait sa aking mga magulang ang katotohanan. Nag-aalala lamang sila para sa aking

			kaligtasan.



Tayahin

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Piliin ang titik ng pinakaangkop na sagot at isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang sumusunod ay mga prinsipyo ng Likas na Batas Moral maliban sa:
 - a. Kasama ng lahat ng may buhay, may kahilingan ang taong pangalagaan ang ating buhay
 - b. Kasama ng mga hayop,likas sa tao ang pagpaparaming uri at papag-aralain ang mga anak
 - c. Bilang rasyonal, may likas na kahilingan ang tao na alamin ang katotohanan,lalo na tungkol sa Diyos at mabuhay sa lipunan
 - d. Bilang tao na nilikha ng Diyos may puwang ang tao na magkamali dahil sa pagkakamali mas yumayaman ang kaalaman at karanasan ng tao.

2. Bakit mahalagang mahubog ang konsensiya ng tao?
 - a. Upang makilala nang tao ang katotohanan na kinakailangan niya upang magamit niya nang tama ang kaniyang kalayaan
 - b. Upang matiyak na hindi na magkakaroon ng pagtatalo sa pagitan ng tama at mali, ng mabuti ay masama sa kaniyang isip
 - c. Upang matiyak na palaging ang tamang konsensiya ang gagamitin sa lahat ng pagkakataon
 - d. Lahat ng nabanggit

3. Paano mas mapalalakas at gagawing makapangyarihan ang konsensiya?
 - a. Kung simula pagkabata ay imumulat na ang anak sa lahat ng tama at mabuti
 - b. Kung mapaliligiran ang isang bata ng mga taong may mabuting impluwensiya
 - c. Kung magiging kaisa ng konsensiya ang Likas na Batas Moral
 - d. Kung magsasanib ang tama at mabuti

Para sa bilang 4 at 5: Suriin ang sitwasyon.

May suliranin sa pera ang pamilya ni Louie. Isang araw, may dumating na kolektor sa kanilang bahay, ngunit wala silang nakahandang pambayad. Inutusan si Louie ng kaniyang ina na sabihing wala siya at may mahalagang pinuntahan. Alam niyang dapat sundin ang utos ng ina. Sa kabilang banda, alam din niyang masama ang magsinungaling. Sa pagkakataong ito, ano kaya ang magiging hatol ng konsensiya ni Louie? Ano ang dapat niyang maging pasiya?

4. Alam ni Louie na dapat sundin ang kaniyang ina ngunit alam din niyang masama ang magsinungaling. Anong yugto ng konsensiya ang tinutukoy sa pangungusap na ito?
 - a. Unang yugto
 - b. Ikalawang yugto
 - c. Ikatlong yugto
 - d. Ikaapat na yugto

5. Alin sa sumusunod ang dapat gawin ni Louie batay sa hatol ng kaniyang konsensiya?
 - a. Iutos sa kasambahay na sabihing wala ang may-ari ng bahay.
 - b. Harapin ang kolektor at sabihing wala ang kaniyang ina.
 - c. Magtago sa silid at hayaang maghintay ang kolektor.
 - d. Tumawag ng pulis at isuplong ang kolektor.

6. “Malinaw sa atin ang sinasabi ng ating konsensiya: gawin mo ang mabuti, iwasan mo ang masama. Ngunit hindi ito nagbibigay ng katiyakan na ang mabuti ang pipiliin ng tao.” Ano ang ibig sabihin ng pahayag na ito?
 - a. Sa lahat ng pagkakataon, tama ang hatol ng ating konsensiya.
 - b. May mga taong pinipili ang masama dahil wala silang konsensiya.
 - c. Maaaring magkamali sa paghatol ang konsensiya kaya mahalagang mahubog ito upang kumiling sa mabuti.
 - d. Kumikilos ang ating konsensiya tuwing nakagagawa tayo ng maling pagpapasiya.

7. Ang konsensiya ang batayan ng isip sa paghuhusga ng mabuti o masama. Ngunit ito pa rin ay ang subhetibo, personal, at agarang pamantayan ng moralidad ng tao kaya may mas mataas na pamantayan pa kaysa rito. Ano ang itinuturing na pinakamataas na batayan ng kilos?
 - a. Ang Sampung Utos ng Diyos
 - b. Likas na Batas Moral
 - c. Batas ng Diyos
 - d. Batas Positibo

8. Ang tao ay nilikha na may likas na pagnanais sa mabuti at totoo at binigyan ng kakayahan upang malaman kung ano ang mabuti at totoo. Sa kabila nito, bakit kaya maraming tao ang gumagawa pa rin ng bagay na masama?
 - a. Kahit alam na ng tao ang mabuti, pinipili pa rin ng ilan ang masama.
 - b. Higit na madaling gawin ang masamang bagay sa mabuti.
 - c. Madaling maimpluwensiyahan ang tao ng umuusbong na bagong kultura.
 - d. Hindi tuluy-tuloy ang pagpili ng tao sa mabuti kaya't nalilito siya

9. Alin sa sumusunod ang maituturing na kamangmangan na di madadaig?
 - a. Pagbili sa inaalok na *cellular phone* ng kapitbahay sa murang halaga dahil ito ay galing sa masama
 - b. Pagbibigay ng limos sa mga bata sa kalye dahil sa awa ngunit ipinambili lamang ng *rugby*
 - c. Pagpapainom ng gamot sa kapatid na may sakit kahit di-tiyak kung makabubuti ito
 - d. Pagtawid sa maling tawiran dahil walang paalala o babala na bawal tumawid

10. Ang konsensiya ay nangangahulugan ng paglilitis sa sarili. Ang ibig sabihin nito ay:
 - a. Bahala ang tao sa kanyang kilos
 - b. Pag-aralan, unawain at hatulan ang sariling kilos
 - c. Obligasyon ng tao na kumilos nang maayos
 - d. Makabubuti sa tao na kumilos nang tama


11. Maituturing na masama ang magsinungaling. Anong prinsipyo ng Likas na Batas moral ang batayan nito?
 - a. Kasama ng lahat ng may buhay, may kahiligan ang taong pangalagaan ang kaniyang buhay
 - b. Kasama ng mga hayop, likas sa tao ang pagpaparami ng uri at papag-aralin ang mga anak
 - c. Bilang rasyonal na nilalang, may likas na kihiligan ang tao na alamin ang katotohanan at mabuhay sa lipunan.
 - d. Wala sa nabanggit

12. Hindi lamang masamang kitilin ang sariling buhay kundi masama ring kitilin ang buhay ng kaniyang kapuwa. Anong prinsipyo ng Likas na Batas moral ang batayan nito?
 - a. Kasama ng lahat ng may buhay, may kahiligan ang taong pangalagaan ang kaniyang buhay
 - b. Kasama ng mga hayop, likas sa tao ang pagpaparami ng uri at papag-aralin ang mga anak
 - c. Bilang rasyonal na nilalang, may likas na kihiligan ang tao na alamin ang katotohanan at mabuhay sa lipunan.
 - d. Gawin ang mabuti, iwasan ang masama

13. Ito ay tumutukoy sa mga kritikal na sandali ng ating buhay kung saan nahihirapan tayong mamili kung ano ang dapat gawin.
 - a. problema
 - b. krisis
 - c. pagsubok
 - d. kahinaan

14. Kailan nagkakamali sa paghatol ang konsensiya?
 - a. Kapag nakinig sa sinasabi ng ibang tao
 - b. Kapag mahina ang paninindigan ng isang tao
 - c. Kapag napilitan ito dahil wala nang ibang pagpipilian
 - d. Kapag taliwas sa katotohanan ang taglay niyang kaalaman

15. Ang konsensiya ay bumubulong na wari'y sinasabi sa atin, "Ito ang mabuti, ang dapat mong gawin", "Ito ay masama ang hindi mo dapat gawin". Anong yugto ng konsensiya ang kinapapalooban nito?
 - a. Alamin at naisin ang mabuti
 - b. Ang pagkilatis sa partikular na kabutihan sa isang sitwasyon
 - c. Paghatol para sa mabuting pasiya at kilos
 - d. Pagsusuri ng Sarili/Pagninilay



Karagdagang Gawain

Malinaw na sa iyo ang mahalagang ginagampanan ng konsensiya sa tao at ang mga prinsipyo ng Likas na Batas Moral bilang gabay sa mabuting pagpapasiya at pagkilos. Gawin ang sumusunod:

Panuto:

1. Itala ang mga mahalagang pasiya at kilos na isinagawa mo sa loob ng isang linggo. Magtala ng dalawang pasiya sa bawat araw.
2. Tukuyin kung masama o mabuti ang iyong naging pasiya at kilos batay sa mga Prinsipyo ng Likas na Batas Moral.
3. Ilahad ang ginampanan ng iyong konsensiya sa bawat pasiya at kilos na inilahad. Ilahad din kung paano mo tinugunan ang "tinig" na ito.
4. Isulat ang mga angkop na hakbang na gagawin upang mabago at mapaunlad ang masasamang pasiya at kilos.
5. Ipakita sa iyong mga magulang ang gawaing ito. Hilingin ang kanilang tulong at suporta sa pagsasagawa nito upang masiguro ang pagsasakatuparan.
6. Maaaring sundin ang katulad na pormat sa ibaba.

	Mga pasiya at kilos na aking isinagawa	Mabuti o Masama? (Batay sa mga Prinsipyo ng Likas na Batas Moral)	Ginawang pagtugon sa aking konsensiya	Mga angkop na hakbang na dapat gawin upang mabago at mapaunlad ang masamang pasiya at kilos
Lunes	1. 2.			1. 2.
Martes				
Miyerkules				

Huwebes				
Biyernes				
Sabado				
Linggo				

Gawain 4: Rubrics para sa maikling paliwanag gamit ang *graphic organizer*

Kraytirya	5	3	2
Pagpapaliwanag sa prinsipyo	Maikli ngunit malinaw na naipaliwanag ang mahalagang konsepto ng bawat prinsipyo	Mayroong isang prinsipyo na hindi malinaw na naipaliwanag ang konsepto	Mayroong dalawang o higit pang prinsipyo na hindi malinaw na naipaliwanag ang konsepto

Gawain 5

1. konsensiya	4. Tama, taliwas	7. Kilalanin	10. kaalaman
2. liwanag	5. Dangal	8. obligasyon	
3. katotohanan	6. Pananagutan	9. edukasyon	

Sanggunian

Brizuela, MJ B. et al. 2015. *Edukasyon sa Pagpapakatao* 10. FEP Printing Corporation. Meralco Avenue, Pasig City

Project EASE: Edukasyon sa Pagpapakatao IV.Modyul Blg. 7

Larawan

https://pngtree.com/freepng/fitness-pattern_921919.html

<https://www.vectorstock.com/royalty-free-vector/happy-parents-standing-behind-the-student-with-vector-22453001>

<https://www.kissclipart.com/clip-art-education-clipart-education-school-clip-a-256u7q/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph